# Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised July 2022

## ST503 The Last Events

### ▪ ST503B The Last Harvest

Bago binuga ang ika-pitong trumpeta sa Revelation 11, mayroon munang dalawang testigo na sumulpot sa eksena na magdudulot ng pasakit sa mga taga-mundo sa loob ng tatlo't kalahating taon. Sinasabi rito na sila ay dalawang olive trees at dalawang lampstands. Obvious na figurative ang pagtanggap at pag-interpret nito. Maaari na ang dalawang olive trees ay ang mga tribo nila Judah at Benjamin na bumuo ng Southern Kingdom at ang dalawang lampstands ay ang iglesya sa Smyrna at sa Philadelphia. Ang common denominator dito ay *katapatan sa Diyos*. Pinahihiwatig sa mga iglesya-local at sa individual Christian sa kasalukuyang panahon na ang mga nananatiling tapat sa Panginoon ay Kanyang ginagamit sa pagpapatotoo ng Kanyang kapangyarihan. Ang mga mananampalatayang ito ay may taglay na kapangyarihang humarap sa kaaway na galing sa impiyerno at sila ay handang makipaglaban hanggang kamatayan. Maaari na ang mga testigong ito ay mga evangelists o evangelistic organizations na kanilang kinabibilangan na mag-aani ng maraming kaluluwa sa mga huling araw bago mag-tribulation na isasagawa ng *Beast*.

Sa Luke 10, sinugo ng Lord ang 70 na alagad Niya, dala-dalawa, para magsilbing advanced party sa mga lugar na Kanyang pupuntahan. At sinabi Niya sa kanila: *The harvest is great, but the laborers are few; therefore pray the Lord of the harvest to send out laborers into His harvest. Go your way; behold, I send you out as lambs among wolves.*

So, alam natin na through the centuries nagpapadala ang Lord of the harvest ng mga workers to do the harvesting dahil may mga nananatiling tapat na alagad ang Lord, generation after generation, na nagpe-pray nang taimtim at humahayo upang tupdin ang gawaing ito. Ang common practice ng pagse-send ng mga evangelists ay dala-dalawa pa rin hanggang ngayon.

Alam din natin na bago isugo ang mga evangelists, sila ay dumaraan sa isang comprehensive disciple program upang sila ay tunay na ma-equip spiritually. Mawawari ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at work sa kanilang buhay. Habang pinangangaral nila ang salita ng Diyos, mapagmamasdan ang kanilang mga mabubuting gawa bilang asin ng lupa at liwanag ng mundo. Subalit, ang kanilang taglay na kabutihan at karangalan ay siya ring nagsisilbing salamin na nag-e-expose ng kasamaan at karumihan ng tao; pahirap sa kanilang consensya. Kaya ang mga testigo ng Diyos sa end times ay tunay na kamumuhian ng mundo.

Walang makapagsasabi kung kailan, exactly, magaganap ang great harvest na magsi-signal ng papalapit na great tribulation na susundan ng end of the world, as predicted by the Lord sa Matthew 24. Subalit ang walang duda ay ang pagdating ng mga last events na ito. Samakatuwid, matapos ang period of relative peace and prosperity na dulot ng artificial intelligence, we can expect na magkakaroon ng period of backsliding ang God's people dahil ito ang lesson from history mula pa nang panahon ng mga Judges. Ng panahong iyon, ang cycle ng buhay ay ito: pagpapalain ng Diyos ang Kanyang bayan, na laging sinusundan

ng back-sliding na susundan ng paghuhusga ng galit ng Diyos na nagdudulot ng matinding pagdurusa.

Ang last harvest ay pinagigitnaan ng last blessing at great tribulation.

Required reading:
Isaiah 13:9-11, 65:17-21; Ezekiel 30:3; Joel 1:15-18; Amos 5:18-20; Luke 10:1-12; 2Peter 3:1-10; Revelation 11:1-13, 16:12-16, 19:11-24, 20:11-15;

Required viewing:
https://www.youtube.com/watch?v=KYhZwcwtN4k
https://www.youtube.com/watch?v=gMua6elTmHg
https://www.youtube.com/watch?v=wQNtDvqeKeE
https://www.youtube.com/watch?v=7WLpckvB8Bs

Next videos: ST503C The Last Day of the Lord
ST503D The Last Judgments

## I. Multiple Choice

1. Sa Revelation 11, ang common denominator ng dalawang testigo ay
   a. Katapangan para sa Diyos
   b. Karunungan mula sa Diyos
   c. Katapatan sa Diyos

2. Pinahihiwatig sa mga churches at individual Christian sa ating panahon na ang ___________ ay Kanyang ginagamit sa pagpapatotoo.
   a. Natitirang matibay sa Panginoon
   b. Nananatiling tapat sa Panginoon
   c. Nananatiling nag-aaral ng salita ng Panginoon

3. Ang common practice ng pag send-out ng evangelists ayon sa halimbawa ng Panginoon ay
   a. Three-by-three
   b. Two-by-two
   c. By groups

4. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang mga isinusugong evangelist ay dumaan sa discipleship program upang sila ay ma-equip spiritually.
   b. Ang mga isinusugong evangelist ay mga bagong mananampalataya upang mahasa sa pag-share ng gospel.
   c. Ang mga isinusugong evangelist ay nagiging asin ng lupa at liwanag sa mundo.

5. Ang magaganap na great harvest ay signal ng pagbabalik ng Panginoong Jesus.
   a. True
   b. False

© Conrad Jun Tolosa July 2022
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.